



SULAT NG
PASTOL
2018

“Ang Biyaya ko ay sapat para sa iyo”

(2 Corinto 12:9)

OBISPO PAUL HINDER, O.F.M. CAP.

“Ang Biyaya ko
ay sapat para sa iyo”

(2 Corinto 12:9)

Sulat ng Pastol 2018

Obispo Paul Hinder, O.F.M. Cap.
Bikaryo Apostoliko ng Timog Arabia

nilalaman

Patuloy ang gawain ng Diyos sa gitna ng mga kahinaan ng tao

Biyaya at lakas sa gitna ng kahinaan ng tao.

Huwag matakot pumunta sa mga gilid-gilid ng lipunan

Pinili ng Diyos ang mahina at hindi ganap.

Kayamanan sa sisidlang lupa

Ang biyaya ng Diyos ay hindi isang bagay na “kinikita”

Buhay na bukás at totoo

Pagbabago mula sa pagbabalatkayo

Kapakumbabaan – bunga ng tunay na pagbabalik-loob

Mga minamahal na kapatid kay Cristo,

1. Sumainyo ang kapayapaan! Nang simulan kong gawin itong Sulat ng Pastol, ako ay nasa “infirmery” ng mga Capuchino sa Switzerland habang nagpapagaling sa matagumpay na operasyon ng aking pigi. Dito ko naranasan ang kahulugan ng pagiging mahina at dahil dito ay magtiwala sa ibang tao. Sa loob ng ilang linggo, ang mga bagay na dati-rati ay aking nagagawa ay hindi ko na magawa. Kinailangan kong umasa sa tulong ng iba kahit na sa mga simpleng bagay sa araw-araw. Ito ay isang paalala sa akin kung gaano kadali nating malimutan ang ating kahinaan bilang tao habang wala tayong karamdaman. Ang ganitong karanasan ay nakatulong sa akin upang maunawaan kong mabuti ang pinagdaraan ng mga taong may kapansanan na nakakabawas sa kanilang mga pagkilos at paggawa. Nais nating lahat na magkaroon ng magandang kalusugan at hindi na kailangang umasa pa sa iba. At nais nating magawa ang gusto nating gawin. Subalit ang karamihan sa mga tao ay mahina ang pangangatawan at hindi sila malusog tulad ng kanilang inaasahan. Sa malaon at madali ay mararanasan nating lahat ang panghihina ng ating katawan at isipan at wala naman tayong magawa.

Patuloy ang gawain ng Diyos sa gitna ng mga kahinaan ng tao

2. Pinaniniwala tayo ng kasalukuyang kultura na halos lahat ng bagay ay maaring mangyari at magagawa sa maikling panahon. Ito ang dahilan kung bakit hindi na natin kayang maghintay at magtiis. Ito ay totoo hindi lamang tungkol sa

ating kalusugan na kung saan umaasa tayong lagi sa mabilis na pag-galing dahil tayo ay nababagalan. Ito ay totoo rin sa ating buhay espiritwal. Nais nating maging perpekto at ayaw nating tingnan ang madilim na bahagi sa ating buhay ni ang ating kasalanan. At kung tayo ay magkasala, sisikapin pa rin nating magmukhang mabait sa mata ng mga tao. Ito rin ay maaring mangyari sa ating buhay sa Simbahan. Nais nating makita ang isang komunidad na sa panglabas ay umuunlad at waring huwaran ng paglago sa espiritu at pag-ibig. Subalit, batid natin na hindi ito laging nangyayari. At kung may makita man tayong tahasan at dagliang pagbabago sa isang tao o komunidad, ay tanging panahon lamang ang makapagsasabi kung ang pagbabagong ito ay tunay. Baka ang pagbabago ay bugso lamang ng damdamin na madaling maglalaho pagkaraan ng ilang panahon.

3. Itinituro sa atin ni Jesus na ang kaharian ang Diyos ay hindi parang negosyo o pabrika. Pakinggan ninyo ang ebanghelyo ni San Marcos:

“ang kaharian ng Diyos ay katulad ng isang taong naghasik ng binhi sa lupa. Matulog man siya kung gabi o magbantay kung araw, ang binhi ay sumisibol at lumalaki ng hindi niya nalalaman kung paano. Sa ganang kanya ang lupa ay talagang nagbubunga: una’y ang usbong, saka ang uhay, at pagkatapos ang butil na humihitik sa uhay. At pagkahinog ng bunga, ay agad niyang kinukuha ang panggapas, sapagkat sumapit na ang pag-aani. (Mc 4:26-29).

Sa talinghagang ito na kay San Marcos lamang matatagpuan, ipinaliliwanag ni Jesus na ang hinog na butil ay hindi bunga ng pagod at tiyaga ng magbubukid.

Ito ay gawa ng Diyos na hinayaang sumibol ang binhi araw at gabi, kahit na ang naghasik ay natutulong. Walang makapagpapatubo nito nang mabilis at walang makapipigil din dito. Ang gawain ng Diyos ay nagpapatuloy “automatically” tulad ng nabanggit sa orihinal na salitang Griyego. Ang tanging kailangan ay ang tapang na “ihasik ang binhi sa lupa” at di alintana kung ang ilang binhi ay tutubo tulad ng nabanggit sa ibang talinghaga ng Panginoon. Bagama’t nais nating magtagumpay nang isang daang porsiyento (100%) sa lahat ng bagay, kailangan nating tanggapin ang katotohanan na hindi ito nangyayari dahil sa ating kahinaan bilang tao at dahil na rin sa ating mga kasalanan at pagkukulang. Ayon kay Martin Buber na isang Hudyong malalim mag-isip: *“Ang tagumpay ay hindi isa sa mga pangalan ng Diyos”*. Subali’t ang layunin ng Diyos ay laging matutupad sa kabila ng mga nangyayari at kalakaran sa ating buhay.

Biyaya at lakas sa gitna ng kahinaan ng tao.

4. Sa katunayan, lahat ng tao sa daigdig na ito kahit paano ay hindi nakikibaka sa buhay. Tayong lahat ay dumaraan sa masasakit na sandali sa ating buhay. Ang tinutukoy ko ay hindi lamang ang malubhang problema ng karamdaman, aksidente, kaguluhan sa lipunan, digmaan, pag-uusig, kawalan ng trabaho at iba pa. Ang lahat ng ito ay nakasasakit at lubhang gumugulo sa atin. Subalit, kalimitan ay may higit pang sakit tayong nararanasan dulot ng ating kahinaan, kasalanan at kawalan ng pag-asa. Malimit, hindi natin makontrol ang mga sitwasyon sa ating buhay at tayo ay napapahiya. Nais nating maging perpekto at walang bahid-

dungis subalit kabaligtaran ang ating nararanasan. Sa ika-2 sulat ni San Pablo sa mga taga Corinto ay binanggit niya ang kanyang sariling karanasan. Matapos niyang banggitin ang mga di pangkaraniwang biyayang kaloob ng Panginoon:

“Tunay, ibigin ko mang magmapuri, ay hindi ako magiging hangal, sapagka’t katotohanan ang sasabihin ko. Datapwa’t ako’y nagpipigil, baka ang may mag-akala na ako ay mataas pa sa kanyang nakikita o naririnig sa akin. At nang huwag akong magpalalo dahil sa kadakilaan ng mga pahayag na iyan, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang anghel ni Satanas, upang sampalin ako – baka nga ako magmayabang. Dahil dito ay makaitlo na akong dumalangin sa Panginoon upang ilayo sa akin ang bagay na iyon. Ngunit isinagot niya sa akin: “Sapat na sa iyo ang aking biyaya, sapagka’t ang aking kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan” (2 Co 12:6-9).

5. Hindi natin alam kung ano itong “anghel ni Satanas” sa buhay ni San Pablo. Maraming haka-haka tungkol dito. Ito marahil ay isang bagay na nagbibigay ng kahihyan kay San Pablo sa ilang pagkakataon – sa mata ng mga tao, tulad ng binanggit niya sa kanyang sulat sa mga taga-Galacia (cf. Gal 4: 13-14). Bilang Pariseo si San Pablo ay isang perpektionista at ayaw niyang magkakamali. Masigasig niyang inuusig ang mga taga-sunod ng “Bagong Daan” bago siya natagpuan ni Jesus. At nais niyang maging masugid na tagasunod ni Jesus nang siya ay tawagin ng Panginoon noong patungo siya sa Damasco. Nang maunawaan ni San Pablo hindi nangyayari ang lahat ayon sa kanyang plano, natutunan niyang maging mapagpakumbaba at lalo niyang natuklasan ang biyaya ng Diyos. Kaya nga, buong kapakumbaan niyang isinulat sa mga taga-Filipos ang kanyang paglapit kay Cristo:

“Hindi sapagkat narating ko na ang wakas o ako ay naging ganap na, kundi ako’y nagsisikap pa upang yaon ay aking matamo sapagkat iyan ang sanhi ng pagkatamo sa akin Cristo Jesus. Mga kapatid, hindi ko sinasabi na iyon ay nakamtan ko na, ngunit ito ang aking ginagawa: nililimot ko ang mga nakaraan at pinagsisikapan ang mga hinaharap. Patuloy ang aking pagsisikap hanggang sa wakas patungo sa gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos mula sa kaitaasan sa pamamagitan ni Cristo Jesus” (Fil 3:12-14).

Ang lihim ni San Pablo sa pagiging mabisa sa kanyang pangangaral bilang apostol ni Cristo Jesus ay sapagkat hindi siya lumilingon sa nakaraan bagkus lagi siyang nakatingin sa hinaharap taglay ang lubos na tiwala sa biyaya ng Diyos.

6. May sapat na dahilan si San Pablo upang lingunin ang kanyang buhay nang may magkahalong damdamin. Ginagawa niya ito nang ilang ulit, hindi upang malungkot sa maari niyang nagawang pagkakamali, kundi upang purihin ang Diyos dahil sa biyaya ng pagbabalik-loob. Hindi katulad ng karamihan sa atin, si San Pablo ay hindi nagrereklamo araw at gabi tungkol sa mga maling nagawa niya sa nakaraan at nabubuhay na tigib ng takot sa harap ng Diyos. Mula nang maranasan niya ang biyaya ng Diyos na ipinahayag kay Cristo Jesus, alam niya na walang makapaghihiwalay pa sa kanya sa pag-ibig ng Diyos. Basahin ninyo ang magandang talata sa kanyang sulat sa mga taga-Roma:

“Ano ang masasabi natin dito? Kung ang Diyos ay sumasa-atin, sino ang lalaban sa atin? Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinag-adya bagkus inialay dahil sa ating lahat,

bakit hindi rin niya ipagkaloob na kasama niya ang lahat ng bagay sa atin? Sino ang magsasakdal laban sa mga hinirang ng Diyos? Ang Diyos ang nagpapabanal. Sino naman ang magpaparusa? Si Jesus, na namatay at muling nabuhay, na nasa kanang kamay ng Diyos at namamagitan alang-alang sa atin. Sino ang makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang hirap, ang hapis, ang pag-uusig, ang gutom, ang kahubaran, ang panganib, ang tabak gaya ng nasusulat: “alang-alang sa iyo ay pinatay kami sa buong maghapon at inari kaming mga tupang papatayin”? Ngunit sa lahat ng ito ay labis-labis ang ating pagtatagumpay, pakundangan sa nagmamahal sa atin. Oo, natitiyak ko na kahit ang kamatayan, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga prinsipado, kahit ang mga bagay sa kasalukuyan, kahit ang mga darating, kahit ang mga kapangyarihan, kahit ang lakas, kahit ang kataasan, kahit ang kalaliman, kahit anong nilalang ay hindi makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nasa kay Cristo Jesus na ating Panginoon” (Rom 8:31-39).

Batid ni San Pablo na ang buhay ng mga mananámpalataya ay laging nanganganib. Subali't naranasan niya na sapat ang biyaya ng Diyos at dahil dito *“ang kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan.”*

Huwag matakot pumunta sa mga gilid-gilid ng lipunan

7. Sa “Apostolic Exhortation - Evangelii Gaudium” (n. 49) ni Papa Francisco ay nagustuhan ko ang mga talatang ito:

“Humayo tayo upang ialay sa lahat ng tao ang buhay ni Jesucristo. Ngayon at dito ay nais kong ulitin sa buong Simbahan ang malimit kong sabihin sa mga kaparian at layko sa Buenos Aires: mas pipiliin ko ang isang Simbahang sugatan, nahihirapan at narurumihan dahil siya ay nakihalubilo sa tao sa mga lansangan, kaysa isang Simbahang

malusog at malinis dahil sa ito ay nakatago at naniniguro. Ayaw ko ng isang Simbahang laging nagpapa-importante at sa bandang huli ay naiipit sa mga bagay-bagay at mga patakaran. Kung mayron mang dapat gumulo sa ating mga budhi, ito ay ang katotohanang karamihan sa ating mga kapatid ay nabubuhay na mahina, nabubuhay sa dilim at pighati dahil isinilang silang walang kahulugan ang buhay at wala ring patutunguhan. Sa kabila ng takot na maligaw, umaasa ako na tayong lahat ay kikilos dahil ayaw nating maipit sa mga istruktura na nagbibigay sa atin ng maling “sense of security”, maipit sa mga batas na mag-uudyok sa atin upang tayo ay maging marahas na hukom, at maipit sa mga ugali nating magsiguro para sa sarili, samantalang sa labas ng ating mga pintuan ay naroon ang mga taong nagugutom. At si Jesus ay hindi mapapagod na sabihin sa atin: “Bigyan ninyo sila ng makakain” (Mc 6:37).

Nananawagan si Papa Francisco sa atin na huwag nating hanapin ang ating sariling seguridad at tagumpay; at sa halip, ay hinihimok niya tayo na ilantad ang ating mga sarili sa panganib ng daigdig, sukdulang tayo ay marumihan. Hinayaan ni Jesus na siya ay marumihan at ayon sa batas ng mga Hudyo siya ay naging marumi sapagkat siya ay nakihalubilo sa mga maysakit, mga paralitiko, mga inaalihan ng masamang espiritu, mga publikano, o mga babaeng mababa ang lipad. Ayon sa mga relihiyoso ng lipunan hindi tama ang ginawa ni Jesus na makihalubilo sa mga ganitong uri ng tao. Nang malaon ay pinag-planuhan nilang patayin si Jesus sapagka’t hinamon niya sila na patunayan ang kanilang matibay subalit maling pagka-unawa sa Diyos.

8. Tunay nga na malayo sa isip ni Jesus o sa intensiyon ni Papa Francisco na bigyang katwiran ang ating mga

kasalanan at pagkukulang ayon sa diwa ng liberalismo na kung saan ang sinusunod ay ang prinsipyo na “kahit ano pwede”. Ang nakataya dito ay ang katotohanan na kalimitan, dala ng takot na magkasala at magkamali, o masisi ng mga taong nagmamalinis, ay panghihinaan tayo ng loob na pumunta sa mga gilid-gilid upang ang mga tao ay ating pakinggan, aliwin, palakasin at iligtas sa lahat ng uri ng kahirapan. Ito ay maaring isang lugar na kung saan hindi ang lahat ay malinis, maayos at tama. Subali’t ito ang mga lugar na nais marating ni Jesus noong naparito siya sa mundo at kung saan isinugo niya ang kanyang mga alagad. Nagpapasalamat ako sa lahat ng mga taong pumupunta sa mga gilid-gilid kung kailanman at saanman pwede, tulad ng mga “labor camps”, bilangguan, ospital, at lapitan ang mga “seafarers”, mga taong nag-iisa, mga pamilyang nahihirapan, mga biktima ng “*human trafficking*,” mga taong nangangailangan ng tulong upang malutas ang problema at upang makauwi na sa kanilang sariling bansa, at iba pa.

9. Nakita natin sa kasaysayan ng Simbahan maging sa ating kapanahunan na ang mga tunay na pagkakasala ay hindi ginagawa ng mga kristiyanong tumutulong sa mga nangangailangan, mahihirap at mga makasalanan. Sa halip ang malalaking kasalanan ay nagaganap kapag ang Simbahan at ang mga kaanib niya ay nagtatago sa likod ng pader ng seguridad at pagbabalatkayo. Nangyayari ang lahat ng uri ng pang-aabuso sapagkat ang mga tao ay hindi na tumutugon sa hinihingi ni Cristo sa kanyang mga alagad. Lingid sa ating mga mata, ang nagiging tunay na usapin ay ang salapi, ang kapangyarihan at sex. At sa bandang huli ang kapangyarihan ng Ebanghelyo ay

humihina. Bilang pagtupad sa salita ni Jesus, nais ni Papa Francisco na iwasan ang ganitong uri ng pagbabalat kayo na laging nasa paligid natin.

Pinili ng Diyos ang mahina at hindi ganap.

10. Kung bubuklatin natin ang Bibliya, mapapansin natin na kalimitan ang mga dakilang tao na nakipag-ugnayan sa Diyos ay hindi mga perpektong tao. Sila ay mga taong may pagkukulang at pagkakasala, may kakayahang gumawa ng krimen, may kakayahang magsinungaling, magkanulo. Sa katunayan, tinatawag ng Diyos ang mga taong may kapansanan, may kakulangang pisikal, sikolohikal at moral. Halimbawa ay si Moises na nakamatay ng tao at kinailangan niyang tumakas. Nang tawagin siya ng Diyos mula sa nagliliyab ng puno, sinabi niya na siya ay utal at hindi makapagsalita ng tuwid. Hindi pinansin ng Diyos ang kanyang nakaraan at kapansanan, bagkus tinawag siya ng Diyos at sinabi:

“Humayo ka ngayon! Utusan kita na pumunta sa Paraon upang ilabas sa Ehipto ang aking bayan, ang mga Israelita” (Ex 3:10).

Lahat ng pagtutol at pangangatwiran ni Moises ay tinanggihan ng Diyos. “*Humayo ka*” ang huling salita ng Diyos, at hindi pinansin ang mga dahilan at kakulangan ni Moises at ang mga haharapin niyang kahirapan. Hindi tinawag ng Diyos ang isang perpektong propeta. Tinawag ng Diyos ang isang propetang magsasagawa ng Kanyang gawain sa kabila ng kakulangan at kamalian ng propeta. At sa bandang huli ay magagawa ni Moises ang lahat!

11. Tingnan natin si haring David, na inilarawan sa Bibliya bilang magaling na hari bagama't batid natin sa Bibliya na siya ay isang tao at hindi isang anghel! Noong kapanahunan ni haring Saul, pinamunuan ni David ang "*lahat ng taong nagigipit, mga may utang at lahat ng walang kasiyahan*" (1 Sam 22:2). At nang palitan ni David si Saul bilang hari, kinuha niya ang asawa ni Urias na si Batsheba, inanakan at kanyang pinakasalan matapos ipapatay si Urias (2 Sam 11). Ang kanyang talambuhay ay puno ng mabuti at masamang kabanata. Subali't nais ng Diyos na gawin siyang hari ng Juda at Israel. At sa kabila ng lahat ng kanyang pagkukulang ginawa siyang huwaran sa mga susunod na lahi. Siya ay naging kasangkapan sa kamay ng Diyos.

12. Tingnan din natin si Jeremias na sa hanay ng mga propeta ay marahil siya ang pinakamatuwid na tao. Subali't, siya ay bata pa at may kapansanan sa pagsasalita, siya ay utal. Sa kanyang paghihirap isinumpa niya ang araw na siya ay ipinaglihi at isinilang ng kanyang ina. Subalit hindi pinansin ng Diyos ang kanyang pagtutol sapagkat ang gusto ng Diyos ay hindi ang isang "superman" kundi isang tao na magsasabi ng mga katotohanan sa mga tao kahit malagay sa panganib ang sariling buhay. Sa kabila ng hirap ay kailangang sabihin ni Jeremias sa mga tao ang ipinasasabi ng Diyos at hindi ang gusto niyang sabihin.

13. Kung inyong babasahin ang Bagong Tipan, matutuklasan ninyo ang ganitong pagkilos ng Diyos. Hindi tinawag ni Jesus bilang alagad ang mga "supermen" at "superwomen". Pinili niya ang mga taong tulad mo at tulad ko at ginawa silang mga alagad. Hindi niya pinansin ang

kanilang mga kakulangan. Tingnan natin si Pedro na hindi miminsang itinatwa ang kanyang Maestro at sa katapusan ay tuluyang itinanggi na siya ay alagad. Gayunpaman, pinili siya ni Jesus bilang bato na pagtatayuan ng Kanyang simbahan. Tingnan natin si Maria ng Magdala na naging unang saksi sa muling pagkabuhay ni Jesus. Siya ay babaeng sinaniban ng masamang espiritu. Pinagaling siya ni Jesus upang maging alagad niya. At huwag ninyong kalimutan si Pablo: matapos ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, tinawag ni Jesus si Saul noong ito ay patungo sa Damasco. Si Saul ay isang masigasig na Pariseo at taga-usig ng kasisilang ng komunidad ng mga kristiyano. Hindi nangimi ang Panginoon na tawagin ang kanyang kaaway upang gawing kaibigan at tagapagtanggol. Dahil dito, sinabi ng Diyos kay Ananias:

“Pumaroon ka: sapagka’t siya ay isang kasangkapan na aking hinirang upang dalhin ang aking pangalan sa harap ng mga Hentil, mga hari, at mga anak ng Israel. Sapagka’t ipakikita ko sa kanya ang lahat ng dapat niyang tiisin alang-alang sa aking pangalan” (Gw 9:15-16).

Kayamanan sa sisidlang lupa

14. Kung mag-iisip tayo tulad ng isang negosyante at pagmamasdan natin ang mga taong tinawag ng Diyos, ay masasabi natin: *“Panginoon, kung ganito ang uri ng mga taong pinili mo ay hindi ka magtatagumpay.”* Bakit? Sapagkat karamihan sa kanila ay hindi maganda ang dating sa mga tao at marahil ay hindi makapapasa sa mga mapanuring mata ng tao. Subalit, huwag nating kalimutan na maaring

gamitin ang Diyos ang marupok na sisidlan para sa isang mahalagang gawain. Sapagkat

“O Panginoon, ikaw rin ang aming Ama; kami ang putik, at ikaw ang maghuhubog sa amin; at kaming lahat ay gawa ng iyong kamay” (Is 64:8).

Ang tanong, kung gayon, ay hindi kung ang isang tao ay may kakulangan, kahinaan, kapansanan at kung ano pa man. Ang tanong ay kung kinikilala at tinatanggap natin ang ating kahinaan at lubos ang ating pagtitiwala sa mga salita ng Panginoon kay Pablo: “*sapat ang biyaya ko para sa iyo, sapagkat ang kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan.*” Hindi naghahanap ang Diyos ng mga mahusay magtalumpati. Tinatawag niya ang mga taong may pagkukulang at sinasabi sa kanila: “*Ngayon, humayo ka, isinusugo kita*” tulad ng sinabi niya kay Moises (Ex 3:10). Hindi binigyang halaga ng Diyos ang mga pagtutol ni Moises.

15. Bakit ko isinusulat ang lahat ng ito? Sapagkat mahalaga ito para sa ating pananampalataya at para sa ating lahat bilang Simbahan. Hanapin natin nang may magandang layunin kung ano ang ganap, ang pinakamabuti at ang maka-diyos. Subalit ginagawa natin ito na mulat ang ating mga mata sa ating limitadong kagamitan at kakayahan. Sinasabi ni San Pablo sa mga taga Corinto:

“Nguni’t taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang makilala na ang gayong napakalaking kapangyarihan ay galing sa Diyos, at hindi sa aming sarili” (2 Co 4:7).

Kalimitan gusto nating maging kagalang-galang sa mata ng tao at ito ang nag-uudyok sa atin upang maghangad ng isang malinis na pangalan. Ayaw nating makitang marumi ang ating pananamit. Nahihirapan tayong aminin nang tahasan na hindi tayo perpekto. Nais nating sumikat sukdulang talikuran kung ano ang totoo sa ating buhay. Ito ay nangyayari sa ating buhay personal bilang kristiyano at maging sa Simbahan bilang isang komunidad. Hindi binibigyang-diin ng Matanda at ang Bagong Tipan ang bagay na ito. Walang pasubali nating makikita sa maraming pahina sa Bibliya ang kahinaan ng mga tao at ang pagkilos ng Diyos sa isang mabuting paraan na kung saan ang kasalanan at pagpapabaya ay magkasama.

16. Kapag naunawaan na natin ang kaisipan ng Diyos, hindi na tayo matutukso na ipagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng pagtatago o pagbabago ng katotohanan sa ating buhay. Tayo ay may kalayaan at tapang na harapin ang masasamang bagay sa ating buhay at sa buhay ng Simbahan na hindi tayo naiiskandalo, sapagkat naniniwala tayo sa salita ng Panginoon kay San Pablo: “*Sapat ang biyaya ko sa iyo: sapagka’t ang aking kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan*”. Sa bandang huli ang mahalaga ay hindi kung ilang ulit nating itinatwa ang Panginoon tulad ni Simon Pedro, o gaano katagal nating kinalaban ang gawain ni Jesus tulad ni Saul. Sa halip ang mahalaga ay kung ating nakayanang tanggapin ang paanyaya ng Panginoon at pasiglahin ang ating pananagutan na magmahal at sumampalataya tulad ng dalawang dakilang Apostol.

Ang biyaya ng Diyos ay hindi isang bagay na “kinikita”

17. Muli’t muli nating dapat matutunan na hindi ipinangangalandakan ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa maka-mundong paraan. Kung magkagayon ay hindi sana niya hinayaang ipako sa krus ang kanyang Anak. Ang biyaya ng Diyos ay hindi kabayaran sa ating mabuting asal. Ang kabaligtaran ang totoo: ang ating mabuting asal ay isang pagtanaw ng utang na loob sa biyayang natanggap. Ang pag-ibig ng Diyos ang maghahayag ng tunay nating kalagayan bilang mga makasalanang tao. Isa sa mga magandang kwento sa bibliya tungkol dito ay nakita natin sa ebanghelyo ni Lucas (at tanging sa kanyang ebanghelyo lamang). Ito ay tungkol sa pagpapatawad sa isang makasalanang babae, noong si Jesus ay nasa hapag ng Pariseong si Simon (Luke 7:36-50). Nagtaka ang Pariseo nang pagbigyan ni Jesus ang ginawa ng isang babaeng hindi maganda ang reputasyon. Batid ni Jesus ang iniisip ng Pariseo, kaya binigyan niya ito ng isang aral na hanggang sa ating kapanahunan ay mayroong kahulugan. Tinanong ni Jesus ang Pariseo kung sino ang higit na nagmamahal: ang taong maliit ang ipinatawad o ang taong malaki ang ipinatawad. Ang sagot niya ay sang-ayon sa tamang kaisipan: ang taong pinatawad ng malaki. Kung babasahin ang talata, masasabi nating ang pag-ibig na ipinamalas ng babae kay Jesus ang dahilan ng pagpapatawad sa kanyang kasalanan. Subalit – at ito ang mahalaga – ang kabaligtaran ay totoo: ang babae ay nakapagpakita ng pagmamahal sapagkat nakatanggap siya ng kapatawaran. Pakinggan natin ang aral ni Jesus:

“Kaya nga sinasabi ko sa inyo, ang marami niyang kasalanan ay pinatawad sapagka’t malaki ang pag-ibig niyang ipinamalas;

ngunit ang umiibig nang kaunti ay pinatatawad nang kaunti”
(Lc 7:47-48).

18. Dapat daw pinagpapaguran ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng mabuting gawa: ito ang paniniwala na ating nakagisnan. Subali’t ito ay binaligtad ni Jesus nang kalabanin niya ang kaisipan ng mga pariseo. At ito ay kanyang namang pinagbayaran nang siya ay hatulan nila ng kamatayan sa krus. Ang buong pangangaral at gawi ni Jesus ay nagpakita ng kagandahang loob ng pag-ibig ng Diyos sa tao. Ito ay isa ring paanyaya sa atin na suklian ng pag-ibig ang pagmamahal ng Diyos sa atin. Nang mabatid ito ni San Pablo, ipinangaral niya na ang kaligtasan ay matatamo “*sa bisa ng pananampalataya kay Jesucristo, at hindi dahil sa pagsasagawa ng batas*” (Gal 2:16). Ang mga sulat ni Pablo sa mga taga Roma at Galacia ay mga mahahalagang saligan ng kanyang aral tungkol sa bagay na ito. At inilalapat niya ito sa kanyang sarili:

“Sa katunayan ako’y namatay sa batas sa pamamagitan din ng batas upang mabuhay sa Diyos. Ako’y nakapako sa krus na kasama ni Cristo; at kung ako man ay nabubuhay, hindi na ako ang nabubuhay kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin. At habang nabubuhay ako sa laman, ang aking ikinabubuhay ay ang pagsampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at nag-alay ng kaniyang sarili dahil sa akin” (Gal 2:19-20).

At dahil sa katotohanang ito, ang bawat isa ay makatatanggap ng bagong pasimula sa kanyang buhay na may pananalig sa Panginoon “*na sa akin ay nagmahal, at nag-alay ang kaniyang sarili dahil sa akin*”.

Buhay na bukás at totoo

19. Nakikita ko na karamihan sa ating mga mananámpalataya ay may malaking pag-galang, pananagutan at pananampalataya. Gayun pa naman, hindi tayo magbubulag-bulagan sa mga masamang nangyayari sa buhay na itinatago. Handa nating ibunyag ang kadiliman ng ibang tao at kutyain at husgahan silang lahat. Kalimitan, ang mga kamalian ng ibang tao ang laman ng mga tsismisan na lumalason naman sa kanilang ugnayan. Handa ba tayong ilantad ang mga sarili nating kamalian, na malimit nating itinatago sa dilim? May lakas ba ako ng loob na tingnan ang sarili kong kalagayan sa liwanag ng pag-ibig ng Diyos na ipinahayag kay Jesucristo, at handa ba akong ikumpisal ito at magbagong buhay? Trabaho ni Satanas na pigilin tayo at itago ang ating tunay na kahinaan. Subali't trabaho naman ng ating Manunubos na palayain tayo mula sa kahihyan at dalhin sa liwanag ang kamalian sapagkat naniniwala tayo na ang *“kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan”*.

20. Ang pagbabalatkayo ay talamak sa ating panahon. Kung ating papansinin ang kalakaran sa negosyo, sa “advertising” at maging sa pulitika, hindi natin kailangang maging dalubhasa upang matuklasan kung gaano karaming kasinungalingan at pagkukunwari ang nagiging bahagi ng lipunan. Ang pandaraya, pagsisinungaling at pagbabaluktot ng katotohanan ang siyang nagiging kalakaran, hindi lamang sa pangangalakal at pulitika, kundi maging sa mga ugnayan ng mga tao, maging ng mga kristiyano. Kalimitan, ito ang lumalason sa mga pamilya, sa mga kasama sa

trabaho, maging sa Simbahan at mga grupo dito. Walang gustong mapahiya. Marami ang nag-iisip na upang hindi mapahiya, tama lamang na gumamit ng kahit anong paraan upang mapagtakpan lamang ang sarili. Subali't, ang mga taong ganito mag-isip ay niloloko lamang ang sarili. Inakusahan ni Jesus ang mga Pariseo, hindi dahil sa kanilang pagkamadasalin at pagsunod sa batas, kundi dahil sa kanilang pagbabalatkayo. Sa palagay ko ay marami pang dapat ayusin si Jesus sa ating buhay tungkol sa bagay na ito. At sapagkat ang Kanyang salitang ito ay ating gabay, maari nating harapin ang pagbabalik-loob.

Pagbabago mula sa pagbabalatkayo

21. Ang pagbabalik-loob ay nagsisimula sa pagiging totoo sa harap ng Diyos, sa ating mga sarili at maging sa ating mga kapwa. Maaring iniisip nating nagpapaka-totoo tayo sa harap ng Diyos ngunit hindi natin napapansin na ito ay nagiging isang pagbabalatkayo lamang. Tingnan natin ang talinghaga ng Pariseo at ng Publikano sa templo:

“Dalawang tao ang umakyat sa templo upang manalangin; isa ay Pariseo at ang isa ay Publikano. Ang Pariseo ay nakatayong nananalangin sa sarili nang ganito, ‘O Diyos, ako’y nagpapasalamat sa iyo na hindi ako katulad ng ibang mga tao, na magnanakaw, mandaraya, nakikiapid; hindi ako katulad ng publikanong ito. Makalawang ulit akong nag-aayuno sa loob ng isang linggo; nagbabayad ako ng ikapu sa lahat kong ariarian’. Samantala ang Publikano ay nakatayo sa malayo, at ayaw man lamang tumingala sa langit, at sa halip ay dinadagukan ang dibdib, at sinasabi, ‘O Diyos, maawa ka sa akin, na isang makasalanan’. Sinasabi ko sa inyo, na itong huli ay umuwi ng bahay na banal, datapwa’t ang isa ay hindi.

Sapagka't ang lahat ng nagpapakataas ay ibababa ngunit ang nagpapakababa ay itataas" (Lc 18:10-14).

Ang kasalanan ng Pariseo ay tatlong pagsisinungaling. Hindi maliwanag sa kanya ang kaugnayan niya sa Diyos dahil nakatingin lamang siya sa kanyang sarili. Hindi totoo ang kanyang pakikipag-kapwa tao, halimbawa ay sa Publikano, sapagkat mababa ang tingin niya rito. At sa wakas, hindi siya totoo sa sarili, sapagkat hindi niya nakikita ang kapalaluan na sumisira sa kanyang buhay at sa kanyang pakikipag-kapwa tao. Sa kabilang dako, ang Publikano ay talagang hindi modelong Hudyo. Subalit, hinarap niya nang buong tapang ang kanyang kalagayan. Batid niyang wala siyang maaring iharap sa Diyos maliban sa kanyang kahinaan at kasalanan. Hindi niya inihahambing ang sarili sa Pariseo at sa halip hinarap niya ang kanyang personal na pananagutan sa Diyos. Sa huli, nagkalakas siya ng loob na tanggapin ang kanyang pagkukulang at kasalanan na walang pasubali. Hindi ba maari din nating gawin ito sa ating sarili? Hindi ba ninyo naranasan na habang nasa simbahan kayo ay inyong pinagmamasdan ang ibang tao at inihahambing ang inyong sarili sa kanila, sa halip na magpakatotoo kayo sa inyong mga sarili? Pinagmamasdan ninyo ang pananamit ng ibang tao o ang kanilang kilos, at naiisip ninyo: "*Hindi ako katulad nila*". Kung ganito ang inyong pag-iisip, ay inilalayo na ninyo ang inyong sarili sa Diyos.

22. Ang ating pagbabalatkayo ang makasisira sa kung ano ang totoo at tapat sa ating buhay. Ang unang ginawa nina Adan at Eba matapos nilang suwayin ang utos ng Diyos ay

magtago at magsisihan. Walang tayong ibang paraan upang magbago kundi ang lumabas sa ating pagbabalatkayo at kasinungalingan at humarap tayo nang lantaran sa Diyos. Ang ikalawang paraan ay ang harapin ang ating mga sarili nang buong katotohanan at tanggapin kung sino tayo at huwag magbalatkayo. At makatutulong ito upang magawa nating harapin ang ating kapwa nang buong katapatan at walang pagsisinungaling. Kailangan nating tingnan sila tulad ng pagtingin ng Diyos sa kanila sapagkat nais din nating tingnan nila tayo tulad ng pagtingin ng Diyos sa atin.

Kapakumbabaan – bunga ng tunay na pagbabalik-loob

23. At sa sandaling mapagdaanan na natin ang prosesong ito, tayo ay magiging mapagpakumbaba at hindi na tayo magiging palalo. At tunay nga na sa mga sandaling ito ang Diyos ay makagagawa sa atin ng mga dakilang bagay, tulad ng kanyang ginawa kina Simon Pedro, San Pablo at sa marami pang tao. Maari nating makita ito lalo na sa Mahal na Birhen, na hindi nagmalaki sa harap ng Diyos tulad ng ginawa ng Pariseo sa ebanghelyo. Nakita ng Birheng Maria ang kanyang sarili bilang isang alipin ng Panginoon. Nang tanggapin ni Maria ang kanyang mahalagang papel sa kasaysayan ng kaligtasan, hindi niya ito tiningnan bilang bunga ng kanyang sariling pagod at lakas kundi dahil sa di pangkaraniwang pagkilos ng Diyos sa kanyang buhay:

“Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas, sapagka’t nilingap niya ang kababaan ng kaniyang lingkod. Narito, mula ngayon ay tatawagin akong mapalad ng lahat ng sali’t-saling lahi. Banal ang tawag sa kanya.” (Lc 1:46-49).

Mga kapatid, magalak kayo sa Panginoon. Nililingap niya kayo ng buong pagmamahal. Buksan ninyo ang inyong mga puso at Siya ay inyong papasukin. Huwag ninyong kalilimutan kailanman ang sinabi ng Panginoon kay San Pablo:

“Sapat na sa iyo ang aking biyaya: sapagka’t ang aking kapangyarihan ay nagiging ganap sa kahinaan. Kaya’t buong galak kong ipinagmamalaki ang aking mga kahinaan upang suma-akin ang kapangyarihan ni Cristo” (2 Corinto 12:9).

Obispo Paul Hinder, O.F.M. Cap.
Bikaryo Apostoliko ng Timog Arabia

Abu Dhabi, ika-15 ng Agosto 2018
Kapistahan ng Pag-aakyat sa Langit ng Mahal na Birhen.

REGULATIONS

1. Holy Days of Obligation on which the faithful are obliged to participate in the celebration of the Eucharist are:
 - Sundays or Fridays (where it has been decided);
 - the Nativity of the Lord (December 25);
 - the Assumption of B.V. Mary (August 15).

2. 2017-8 Special Celebration days on which the faithful are encouraged to participate in the celebration of the Eucharist are:
 - Immaculate Conception of the B.V. Mary (Dec 8);
 - Mary, Mother of God (Jan 1);
 - Our Lady of Arabia (Jan 13);
 - St. Joseph (March 19);
 - Sacred Heart (June 8);
 - Ss. Peter and Paul (July 1);
 - All Saints (Nov 1);
 - Dedication of the Parish Church (Oct 28);
 - Parish Titular Saint.

3. Observances transferred to the following or preceding Sunday are:
 - Epiphany of the Lord;
 - Most Holy Body and Blood of Christ (Corpus Christi);
 - Ascension of the Lord;
 - Ss. Peter and Paul.

4. Fasting is prescribed for Ash Wednesday and Good Friday for those who have completed 18 years of age and up to the beginning of the 60th year. One meal a day is eaten. A smaller quantity of food, sufficient to maintain strength, may be taken at two other times in the day.

5. Abstinence from meat (milk products, eggs or animal fat not included) applies to those who have completed 14 years of age. It is prescribed for Ash Wednesday, Good Friday and every Wednesday that is not a Solemnity. However, on Wednesdays outside of Lent, abstinence from meat can be

substituted by another act of penance, such as prayer or a work of charity.

6. During Lenten weekdays and Days of Prayer, abstinence from meat, almsgiving, fasting and other works of prayer, penance and/or charity are encouraged according to ability.

7. Eucharistic Fast: The faithful must abstain from food and drink, aside from water and medicine, for one hour before receiving Holy Communion. The sick, infirm and elderly (and their caregivers) may receive Holy Communion even if they have eaten something within the preceding hour.

8. Paschal (Easter) Precept: The faithful who have made their First Holy Communion should receive Holy Communion at least once a year during the Easter Season. Within the Vicariate, this precept may be fulfilled at any time between the First Sunday of Lent and Trinity Sunday (Sunday after Pentecost). One who has reached the age of discretion is also obliged to confess one's grave sins at least once a year.

9. General Absolution: may be given on Good Friday and the Midnight Mass(es) of Christmas, if large numbers of parishioners make it impossible for all to avail of the increased opportunities for the sacrament of Reconciliation in the weeks preceding Christmas and Easter. The faithful are to make an individual confession of grave sins at the next available opportunity (C.I.C. 962).

APOSTOLIC VICARIATE OF SOUTHERN ARABIA

P.O. Box 54, Abu Dhabi. Tel: +971 2 446 1895, Fax: +971 2 446 5177
Email: info@avosa.org | Website: www.avosa.org

PARISHES IN THE U.A.E.

ABU DHABI - St. Joseph's Church
P.O. Box 54, Abu Dhabi.
Tel: 02 446 1929, Fax: 02 446 1868
abuparish@yahoo.com
www.stjosephsabudhabi.org

ABU DHABI - St. Paul's Church, Musaffah
P.O. Box 9218, Abu Dhabi.
Tel: 02 446 1114, Fax: 02 4462300
info@stpaulsabudhabi.org
www.stpaulsabudhabi.org

AL AIN - St. Mary's Church
P.O. Box 15645, Al Ain.
Tel: 03 721 4417, Fax: 03 721 7929
alainchurch@gmail.com
www.stmarysalain.org

DUBAI - St. Mary's Church
P.O. Box 51200, Dubai.
Tel: 04 337 0087 /335 8504, Fax: 04 334 7594
office@saintmarysdubai.org
www.saintmarysdubai.org

JEBEL ALI - St. Francis of Assisi Church
P.O. Box 72715, Jebel Ali.
Tel: 04 884 5251
info@stfrancisjebelali.ae
www.stfrancisjebelali.ae

FUJAIRAH - Our Lady of Perpetual Help Church
P.O. Box 1168, Fujairah.
Tel: 09 223 1377, Fax: 09 222 3238
olphfujairah@gmail.com
www.olphfujairah.org

RAS AL KHAIMAH - St. Anthony of Padua Church
P.O. Box 10946, Ras Al Khaimah.
Tel: 07-2444320, Fax 07-2444321
info@stanthonyrak.org
www.stanthonyrak.org

SHARJAH - St. Michael's Church
P.O. Box 1745, Sharjah.
Tel: 06 5662424/06 5662049, Fax: 06 5663324
sharjahstmichael@gmail.com
www.stmichaelssharjah.org

PARISHES IN OMAN

RUWI - MUSCAT - Sts. Peter and Paul Church
P.O. Box 613, Ruwi 112.
Tel: +968 2470 1893, Fax: +968 2478 8840
ppruwiparish@gmail.com
www.ruwiparish.org

GHALA - MUSCAT - Holy Spirit Church
P.O. Box 371, Madinat Qaboos 115.
Tel: +968 2459 0373, Fax: +968 2450 2513
ghalachc@omantel.net.om
www.holyspiritchurchoman.org

SALALAH - St. Francis Xavier Church
P.O. Box 1405, Salalah 211.
Tel: +968 2323 5727, Fax: +968 2323 5787
catholicssalalah@gmail.com
www.stfrancissalalah.org

SOHAR - St. Anthony's Church
P.O. Box 842, Sohar 311.
Tel: +968 2684 1396, Fax: +968 2684 4469
office@soharchurch.org
www.soharchurch.org



**APOSTOLIC VICARIATE
OF SOUTHERN ARABIA**

The Catholic Church in UAE, Oman & Yemen

P.O. Box 54, Abu Dhabi
United Arab Emirates.
Tel: +971 2 446 1895
Email: info@avosa.org
www.avosa.org

   @avosarabia